Creative Corps Initiative ng YBCA para sa 2023-2024:
((Inisyatiba sa Pagtitipon ng mga Manlilikha)
Mga Panuntunan sa Inisyatiba

Information about this program can be found in English on our website. Please visit this link - http://ybca.org/creative-corps-initiative/. The application for this program will also be available in English. The application will be open at noon on May 15, 2023 and close at 5:00pm on July 14, 2023.

Puede encontrar información sobre este programa en español en nuestro sitio web. Visite este enlace: http://ybca.org/creative-corps-initiative/. La solicitud para este programa también estará disponible en español. La solicitud abrirá al mediodía, el 15 de mayo de 2023, y cerrará a las 5:00 p. m. PT, el 14 de julio de 2023.

請參閱我們網站上此計畫資訊的中文版本。請造訪連結：http://ybca.org/creative-corps-initiative/. 我們也提供中文版計畫申請表。申請將於 2023 年 5 月 15 日中午開放，並於 2023 年 7 月 14 日下午 5:00 結束。

Matatagpuan ang impormasyon tungkol sa programang ito sa Tagalog sa aming website. Pakibisita lamang ang link na ito: http://ybca.org/creative-corps-initiative/. Magkakaroon din ng Tagalog na bersiyon ang aplikasyon sa programang ito. Magbubukas ang aplikasyon sa tanghali ng Mayo 15, 2023 at magsasara nang 5:00pm sa Hulyo 14, 2023.

Nakadetalye sa dokumentong ito ang mga panuntunang nagbibigay ng priyoridad sa mga aplikanteng nakatira at/o naglilingkod sa piling bahagi ng Antioch, Bay Point, Berkeley, Concord, Fairfield, Pittsburgh, San Jose, San Rafael, o Vallejo. Ang mga artist na nakatira at/o naglilingkod sa rehiyon ng Bay Area na may address sa California ay hinihikayat na mag-aplay at uunahin sila.

Para sa mga aplikanteng nakatira at/o naglilingkod sa mga piling lugar sa Hayward, Oakland, Richmond, o San Francisco (Bayview/Hunters Point, Chinatown, Fillmore, Tenderloin), binubuo pa ang mga panuntunan para sa mga iyon sa pamamagitan ng prosesong kasama ang komunidad sa pagdidisenyo. Pakisilip ang aming website - http://ybca.org/creative-corps-initiative/- sa bandang katapusan ng Mayo 2023 para sa mga panuntunang iyon. Ang mga artist na nakatira at/o naglilingkod sa rehiyon ng Bay Area na may address sa California ay hinihikayat na mag-aplay at uunahin sila.

Ang **Creative Corps Initiative** ay pagtutulungan ng California Arts Council o CAC (Konseho ng Sining ng California) at ng Yerba Buena Center fo the Arts o YBCA (Sentro ng Sining ng Yerba Buena). Ang YBCA ay isa sa mga namamahalang organisasyon sa Bay Area para sa Creative Corps Initiative, na nagkakaloob ng makataong sahod sa mga artist habang nakikipagtrabaho sila sa mga institusyong nonprofit sa kanilang komunidad batay sa isa sa apat na pangunahing isyung panlarangan para makalikha ng ibig nilang proyekto. Kasama rito sa mga pangunahing isyung panlarangan ang sibikong pakikipag-ugnayan, kalusugan ng

komunidad, at katarungang panlipunan. Batay sa direktiba ng CAC, uunahin ng Creative Corps Initative ang mga komunidad na nasa ibaba ng ika-25 persentil sa California Healthy Place Index (Index ng Malulusog na Lugar sa California). Kasama sa mga komunidad na ito ang ilang piling lugar sa Antioch, Bay Point, Berkeley, Concord, Fairfield, Hayward, Oakland, Pittsburg, Richmond, San Francisco, San Jose, San Rafael, at Vallejo. Ang mga artist na nakatira at/o naglilingkod sa rehiyon ng Bay Area na may address sa California ay hinihikayat na mag-aplay at uunahin sila.

Ang San Francisco Foundation (SFF) ang isa pa sa nagsisilbing namamahalang organisasyon sa Bay Area. Matalik nang nakipagtrabaho ang YBCA kasama ang SFF sa pagbubuo ng aming kaukulang Creative Corps Initiative, pero magkahiwalay naming ipatutupad ang mga inisyatiba namin, sa dalawang magkaibang proseso. Para sa karagdagang impormasyon sa Creative Corps ng San Francisco Foundation sa Bay Area, pakibisita ang link na ito.

TUNGKOL SA CREATIVE CORPS INITIATIVE NG YBCA

Gamit ang programang Creative Corps ng California Arts Council, tatangkain ng YBCA ang isang prosesong kasamang idinisenyo ng ilang komunidad sa Bay Area. Naniniwala kami na ang pinakamainam na paraan para itaguyod ang mga komunidad ay ang pagkakaloob sa kanila ng mga kasangkapan at pamamaraan para matugunan ang kanilang alalahanin at maiangat ang kanilang pamayanan. Pinili ang mga komunidad na ito batay sa mga naunang matatag na pakikipagtulungang ng YBCA sa mga lider ng komunidad na malalim ang pagkakaugat sa mga espesipikong lugar na ito. Kasama sa mga komunidad na ito ang Bayview/Hunters Point (SF), Chinatown (SF), Hayward, Oakland, Richmond, at ang Tenderloin (SF). Para sa inisyatibang ito, tatawaging Test Group ang mga komunidad na nabanggit. Sa loob ng mga komunidad, may lider ng komunidad o organisasyon na magpapadaloy sa isang sesyon ng pakikinig para mapalitaw ang mga pangangailangan ng komunidad at matuklasan kung paano magagamit ang mga artist sa pagtugon sa mga ito. Sa suporta ng Community Investment Team ng YBCA, lilikha ang bawat komunidad ng sarili nilang RFP/RFQ, aplikasyon, at proseso ng pagrerepaso na nagsesentro sa pinapahalagahan ng kanilang kasapi at tumutugon sa isa o higit pang pangunahing isyung panlarangan ng pangkalahatang Creative Corps Initiative. Matatagpuan ang mga karagdagang detalye kaugnay ng mga indibidwal na prosesong ito sa website namin - http://ybca.org/creative-corps-initiative/. Makukuha roon ang mga panuntunan at aplikasyon kapag nakompleto na ang mga ito.

Para sa mga natitirang bahagi ng Bay Area, gagamit ang YBCA ng mas tradisyonal na pilantropikong pagtingin, na nakabalangkas sa mga panuntunan sa ibaba. Para sa inisyatibang ito, tatawaging Control Group ang mga komunidad na ito. Gagawa ang Community Investment Team ng YBCA ng aplikasyon na makukuha sa aming website para sa lahat ng gustong mag-aplay. Sa pamamagitan ng paglalangkap ng mga ideya ng partisipatibong paglikha ng grant, ang bawat katuwang na pang-estado at pang-lokal sa loob ng bawat county sa Bay Area ay iimbitahang makibahagi sa proseso ng pagpili ng Creative Corps Initiative. Kasama sa mga uunahing komunidad para sa Control Group ang ilang piling lugar sa mga sumusunod na zip code:

Communities	Priority Zip Codes
San Jose	95110, 95111, 95112 95116, 95117, 95121, 95122, 95125, 95126, 95127, 95128, 95131, 95133, 95148
Vallejo	94589, 94590, 94591, 94592
Concord	94520
Bay Point	94565
Pittsburg	94565
Antioch	94509

Fairfield	94533, 94534
San Raphael	94901
Berkeley	94704, 94720

Bubuksan ng Creative Corps Initiative ng YBCA ang $3.6 milyon para sa mga artist sa rehiyon ng Bay Area na may mga proyektong sa pinagtatagpo ang sining at ang isa sa mga nabanggit na pangunahing isyung panlarangan. Bibigyan ang bawat awardee ng $70,000 hanggang $72,000, depende sa bilang ng aplikante. Magmumula sa California Arts Council ang lahat ng pondo para sa inisyatibang ito.

PROSESO SA PAG-APLAY AT PAGREPASO

Tatanggapin ang mga aplikasyon sa Control Group mula Lunes, Mayo 15, 2023 nang 12:00pm PST hanggang Biyernes, Hulyo 14, 2023 nang 5:00pm PST. Ilalagak ang mga aplikasyon sa Control Group ng Creative Corps Initiative sa online na plataporma ng Submittable. Rerepasuhin ng mga itinalagang kawani ng YBCA at ng mga pang-estado/panglokal nitong katuwang sa rehiyon ng Bay Area ang mga aplikasyon sa Hulyo at Agosto 2023. Aabisuhan sa Setyembre 2023 ang mga aplikante tungkol sa lagay ng kanilang gawad at sisimulan ang proseso ng paggawa ng kontrata. Kinakailangang dumalo ang lahat ng awardee sa mga sesyong magbabalangkas ng impormasyon tungkol sa mga ihahaing benepisyo para sa Creative Corps Initiative sa katapusan ng Setyembre/simula ng Oktubre 2023. Ipapamahagi ang mga pondo matapos makompleto ang paggawa ng kontrata at mga sesyon sa impormasyon hinggil sa mga benepisyo sa Oktubre 2023.

Makakatanggap ang mga awardee ng kabayarang nasa pagitan ng $70,000 at $72,000. Maaaring gamitin ang kabayarang ito sa anumang personal na gastusin at nakakategorya bilang nabubuwisang kita. Sa loob nitong gawad para sa mga artist, inaasahan ang lahat ng awardee na gumastos ng hindi bababa sa $10,000 hanggang $12,000 para ipatupad ang proyekto/kampanya na nakadetalye sa kanilang aplikasyon. Kung gayon, ilalaan ang mga pondong ito sa proyekto ng artist para sa Creative Corps Initiative at nakadetalye dapat sa kanyang badyet ng proyekto. Magbibigay ang awardee sa YBCA ng ulat pinansiyal na nagbabalangkas sa paggamit ng pondong pang-implementasyon sa katapusan ng panahon ng gawad.

MGA PRINSIPYO SA PAGPAPATUPAD

Ipapatupad ng YBCA ang Creative Corps Initiative mula sa mga sumusunod na pagpapahalaga:

- ***Tiwala:*** Layunin naming ipatupad ang inisyatibang ito sa paraang hindi labis ang papasanin ng artist at ng kanyang katuwang na nonprofit. Nagtitiwala kami na magtutulungan ang dalawang entidad na makompleto ang proyekto o kampanya para sa ikabubuti ng kanilang pinaglilingkurang komunidad, na siyang magpapasigla sa ecosystem ng sining at nonprofit sa Bay Area.
- ***Komunidad:*** Hindi matutugunan ng sinumang tagapondo ng sining ang lahat ng alalahanin ng mga nasa Bay Area, pero kinikilala namin na kasangkapan ang sining sa pagpapaunlad ng komunidad. Gagamitin ng inisyatibang ito ang kasangkapang iyon para higit na marinig ang mensahe ng mga pangunahing isyung panlarangan para makapag-angat ng kamalayan at makapaghain ng mga posibleng solusyon sa ilang piling komunidad. Mahalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga lokal at espesipikong komunidad para sa tagumpay ng inisyatibang ito***.***
- ***Eksperimentasyon:*** Sa pagsubok sa konsepto namin ng Control Group at Test Group, tatangkain naming itulak ang hangganan ng mga tradisyonal na pilantropikong pamamaraan upang higit na maunawaan kung paano bigyan ng kapangyarihan ang mga komunidad para makagawa ng pinakamainam na desisyon para sa kanilang sarili. Ang mga matututunan mula sa inisyatibang ito ang panggagalingan ng mga susunod naming praktika sa pagpopondo.

MGA KAHINGIAN PARA SA KUWALIPIKASYON

Para maging kuwalipikado sa pagkakataong makakuha ng pondo mula sa Creative Corps Initiative, ang isang aplikante ay dapat:

- kasalukuyang residente ng Estado ng California;
- nagtatrabahong artist o praktisyoner ng kultura;
- nasa 18 pataas ang edad;
- katuwang ng isang nonprofit sa sining o anumang nonprofit na ang pangunahing tuon ay isa sa mga pangunahing isyung panlarangan, kasama na ang sibikong pakikipag-ugnayan, katarungang pangklima, kalusugan ng komunidad, at katarungang panlipunan;
- walang salungat na interes (relasyong pampamilya o pinansiyal) sa mga lupon, kawani, at direktor ng Yerba Buena Center for the Arts, California Arts Council, o mga halal na opisyal sa lebel ng estado at kanilang kawani; at
- isang beses lamang na nag-aplay sa YBCA Creatice Corps Initiative.

APLIKASYON

Nahahati ang aplikasyon sa walong (8) maikling bahagi, na inaasahang makokompleto sa loob ng isang oras. Kasama sa mga bahagi ng aplikasyon ang mga sumusunod:

- **Kuwalipikasyon -** dapat na kumpirmahin ng aplikante na karapat-dapat siyang mag-aplay;
- **Pangkalahatang Impormasyon -** dapat magbigay ang aplikante ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa kanyang sarili, tulad ng kanyang pangalan, email, numero sa telepono, at zip code;
- **Pagpili ng Isyung Panlarangan -** dapat pumili ang aplikante ng pangunahing isyung panlarangan na tututukan ng kanyang proyekto/kampanya;
- **Pagpapakilala Bilang Artist -** dapat magbigay ang aplikante ng patunay ng kanyang pagsasanay (residency), CV/resume bilang artist, at pahayag na nagsasaad na nakaugat ang kanyang gawaing pansining sa isa sa mga komunidad na binibigyan namin ng priyoridad;
- **Pakikipagtulungan sa Nonprofit -** dapat magbigay ang aplikante ng impormasyon para makontak ang katuwang niyang nonprofit na organisasyon at ng isang liham ng pagkakasundo/pagtutulungan;
- **Naratibo -** dapat ilarawan ng aplikante ang kanilang panukalang proyekto/kampanya at ang lalim ng kanyang ugnayan sa komunidad na kanyang tinitirhan/pinaglilingkuran;
- **Mga Gawain sa Kahabaan ng Gawad -** dapat magbigay ang aplikante ng iskedyul ng mga panukalang gawain at katapat nitong badyet;
- **Pagkumpirma at Pagsumite -** dapat kumpirmahin ng aplikante na tama at totoo ang lahat ng impormasyong ibinigay.

Sa katapusan ng iyong aplikasyon, makatatanggap ka ng kumpirmasyon sa email na may kasamang link patungo sa isang demograpikong sarbey. Bagaman hindi naman salik sa desisyon sa pagpopondo, ang impormasyong makukuha sa demograpikong sarbey ay magbibigay sa California Arts Council ng pangkalahatang larawan ng pinagmumulan ng mga aplikasyon para sa Creative Corps Initiative.

PROSESO SA PAGBABAYAD AT MGA BENEPISYO NG AWARDEE

Kung mapili ang iyong aplikasyon, makikipag-ugnayan sa iyo ang Community Investment Team ng YBCA sa isang email na nag-aabiso sa pagkatanggap mo. Susundan ang abisong iyon ng isang kasunduan at mga form sa pananalapi, sa pamamagitan ng DocuSign. Mangyaring suriin, tapusin, at lagdaan ang DocuSign sa lalong madaling panahon. Hindi ipoproseso o ibibigay ang kabayaran hangga't hindi tapos ang DocuSign. Makatatanggap ng email ng abiso ang lahat ng aplikanteng hindi napagkalooban sa katapusan ng proseso ng paggawa ng kontrata.

- Lunes, Mayo 15, 2023 nang 12:00pm PST– Magbubukas ang Aplikasyon
- Biyernes, Hulyo 14, 2023 nang 5:00pm PST– Magsasara ang Aplikasyon
- Setyembre 2023 – Isasagawa ang Abiso sa mga Awardee
- Oktubre 1, 2023-Setyembre 30, 2024 - Kahabaan ng Grant sa Awardee

Kasama sa kontrata ng lahat ng awardee ang pagdalo sa mga sesyong magbabalangkas ng impormasyon tungkol sa mga ihahaing benepisyo para sa mga ginawaran sa Creative Corps Initiative na ito. Kasama sa mga opsiyonal na benepisyo ang:

IOBY
Ang handog na ito ay nagbibigay ng pagsasanay at suporta sa pagtitipon ng maliliit na donasyon para sa mga awardee na gustong paunlarin ang kanilang pondo at kasanayan. Magkakaroon ang mga awardee ng walang panganib na oportunidad para mapalaki ang pondo para maisakatuparan ang kanilang proyekto sa Creative Corps Initiative sa pamamagitan ng paggamit dito bilang pantapat sa ioby.org. Magbibigay ang ioby ng paggabay at iba pang suporta sa pagkuha ng pondo. Babayaran ng YBCA ang lahat ng administratibong bayarin na kaugnay ng handog na ito.

Tribeworks
Ang Tribeworks ay plataporma para sa pagbabayad at paghahanap ng trabaho, na isang kooperatiba at pagmamay-ari ng mga manggagawa. Ginawa ito para suportahan ang mga manlilikha at ang mga organisasyong umaasa sa kanila. Itinatag sa Baltimore noong 2019 ng isang grupo ng mga teknolohista at manlilikhang di-puti, ang Tribeworks ay nagtatayo ng impraestruktura para sa ekonomiya ng pagkakaisa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga bisyonaryong programa sa paghahanap ng trabaho para sa mga artist at mga katuwang na pilantropo upang mapadulas ang daloy ng kita at benepisyo sa healthcare para sa mga nagtatrabahong artist.

Ang bayad sa mga artist ay padaraanin sa Tribeworks, na magsisilbing opisyal na employer para sa proyekto upang maisalin ang salaping nakagawiang ituring bilang 1099 income patungong W-2. Sa pamamagitan nito, awtomatikong mababawas ang mga buwis sa suweldo ng mga artist. Bibigyan nito ang mga artist ng kakayahang tumanggap ng konsistent na suweldo dalawang beses kada buwan bilang artist fee (kabuuang $70,000 hanggang $72,000 bago ang mga buwis). Maaari ding baguhin ng Tribewoks ang pamamahagi ng pondo sakaling gustuhin ng artist na mabawasan ang epekto sa kanyang kuwalipikasyon sa publikong subsidyo. Bukod pa rito, nag-aalok din ang Tribeworks ng mga murang panggrupong insurance plan sa healthcare, dental, bisyon, at buhay na maaaring salihan ng mga awardee. Ang mga artist na sasali sa empleyo ng Tribeworks ay magkakaroon din ng opsiyon na maging manggagawang may-ari at miyembro ng kooperatiba.

Pagsasanay sa Propesyonal na Pag-unlad (opsiyonal ang pagdalo)
Ang San Francisco Foundation ay nag-aalok ng pagsasanay sa estratehiyang kultural, na mag-uugnay sa mga konteksto at estratehiya sa mga pangunahing isyung panlarangan.

Opsiyonal ang mga alok na ito at babayaran ng YBCA ang malaking bahagi ng mga bayaring administratibo para sa mga benepisyong ito. Nakadepende ang halagang sasagutin ng YBCA sa bilang ng mga awardee na sasali sa mga programang ito.

EBALWASYON AT PAG-UULAT

Magbibigay ang awardee sa YBCA ng ulat pinansiyal na nagbabalangkas sa paggamit ng pondong pang-implementasyon sa katapusan ng panahon ng gawad. Bilang karagdagan sa pangwakas na ulat pinansiyal, aatasan ang mga Awardee na sumagot ng isang sarbey kada tatlong buwan para mapabatid nila ang mga nangyari at nagawa sa kanilang proyekto/kampanya sa Creative Corps Initiative. May mga partikular na kuwantitabong puntos ng datos na inaasahan ang California Arts Council na makolekta kaugnay ng bilang ng mga gawain, manonood, at artist na napagsilbihan ng pang-estadong programa ng Creative Corps. Iuugnay din ang mga awardee sa isang pangkat ng tagapagsalaysay mula sa YBCA. Magpapadala ang pangkat na ito ng mga potograpo, bidyograpo, at tagapanayam na kukuhanan at tatalaan ang mga espesipikong proyekto habang nagaganap ang mga ito, mula pagpaplano hanggang implementasyon. Ang buong disenyong multimedia para kuhanan at talaan ang Creative Corps Initiative ay para sabay na gawan ng dokumentasyon ang mga proyekto para sa artsibo at para iangat ang gawa ng awardee sa mas maraming tagapanood sa Bay Area at sa estado.

PAANO MAG-APLAY

Tatanggapin ang mga aplikasyon mula Lunes, Mayo 15, 2023 nang 12:00pm PST hanggang Biyernes, Hulyo 14, 2023 nang 5:00pm PST.

Dapat isumite ang mga natapos na aplikasyon bago ang deadline—hindi pagbibigyan ang mahuli.

Maaaring makuha ang online na aplikasyon sa Creative Corps Initiative mula sa aming website - http://ybca.org/creative-corps-initiative/.

Tatanggapin ang mga aplikasyon sa mga sumusunod na wika: Tsino, Ingles, Espanyol, at Tagalog. Kung nahihirapan ka sa pagpili ng gusto mong wika, mangyaring makipag-ugnayan sa YBCA (creativecorps@ybca.org) o iminumungkahi naming hilingin sa isang kaibigan, kapitbahay, o kapamilya na tulungan ka. Maikli at simple ang aplikasyon, at iminumungkahi naming mag-aplay ang mga hindi nagsasalita ng Ingles.

MGA MADALAS NA ITANONG

(Opsiyonal) Ano-anong uri ng dokumento ang maaari kong ibigay bilang aking Patunay ng Paninirahan sa Bay Area?

Dapat kang magsumite ng dokumento mula sa isang third party na malinaw na ipinakikita ang pangalan mo at kasalukuyang address. Tatanggapin namin ang mga sumusunod na dokumento bilang patunay ng paninirahan:

- Lisensiya sa pagmamaneho o ID card na mula sa gobyerno
- Bayarin sa utility (koryente, tubig, gas, serbisyo ng internet, o bayarin sa telepono)
- Ulat ng insurance sa kalusugan o bayaring medikal
- Ulat ng bangko o credit card
- Ulat ng mga benepisyo mula sa gobyerno (maaaring kasama rito ang SSI, SSDI, SNAP, atbp.)
- Nilagdaang sulat na may letterhead ng kanlungang tinitirhan mo

Kailangan lang naming makita ang pangalan at address sa iyong dokumento. Hindi mo kailangang i-upload ang buong dokumento. Mangyaring takpan ang lahat ng sensitibong impormasyon.

Alin sa mga uri ng file ang katanggap-tanggap para sa Patunay ng Paninirahan at Patunay ng Pagsasanay, CV/Resume Bilang Artist, at Liham ng Kasunduan/Pagtutulungan?
Ang mga uri lamang ng file na suportado na mai-upload ay PDF, DOC, DOCX, PNG, JPG, JPEG, at GIF. Para sa CV/Resume Bilang Artist, may espasyo para makapaglagay ng website.

Aling uri ang file ang katanggap-tanggap para sa Iskedyul ng mga Gawain at Mungkahing Badyet?
Ang mga uri lamang ng file na suportado na mai-upload ay PDF, DOC, at XLSX (Excel).

MGA TANONG

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa inisyatibang ito o sa proseso ng aplikasyon, kontakin ang YBCA sa creativecorps@ybca.org nang may subject line na: "Creative Corps Initiative" at ang pinakamaaasahan mong numerong pangkontak.

Dagdag pa rito, nakaantabay ang mga kawani ng YBCA upang bigyan ang mga aplikante ng suportang teknikal, kung kinakailangan. Makipag-ugnayan sa creativecorps@ybca.org na may subject line na "Creative Corps Support" para sa tulong. Susubukin naming kagyat na tumugon sa abot ng aming makakaya, ngunit maaaring kailanganin namin ng isang buong araw ng negosyo para makatugon.